Galleri®
Multi-cancer early detection

# Screen para sa maraming mga kanser na may isang pagsusuri ng dugo.

Ang Galleri® test ay sumusuri para sa marami sa mga pinakanakamamatay na kanser bago magpakita ang mga sintomas ng mga ito.






## Kapag mas maagang napansin ang mga isyu sa kalusugan tulad ng kanser, mas maaga kang makakakilos

- Ang Galleri test ay sumusuri para sa marami sa mga pinakanakamamatay na kanser, kabilang ang mga kanser na walang inirerekomendang screening test sa ngayon.
- Naghahanap ng DNA sa sample ng dugo na iniiwan ng mga cell ng kanser at hindi hinuhulaan ang posibilidad na magkaroon ka ng kanser sa hinaharap.

Hindi nakikita ng Galleri test ang isang signal para sa lahat ng kanser at hindi nakikita sa dugo ang lahat ng kanser. Nangyayari ang mga false positive at false negative na resulta. Dapat gamitin ang Galleri kasabay ng mga screening test na inirerekomenda ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## 5 kanser lamang ang may inirerekomendang screening test




**Ang pagdagdag ng Galleri sa iyong mga screening para sa kanser** ay puwedeng makadagdag ng iyong tyansa na mapansin ang kanser nang maaga.

Hindi pinapalitan ng Galleri ang iba pang mga screening tests na inirekomenda ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

## Para kanino ang Galleri?




Inirerekomendang gamitin ng mga may hustong gulang na may mataas na risk para sa kanser, katulad ng mga nasa edad 50 o mas matanda pa.

Puwedeng sumailalim sa test ang mga taong walang mga sintomas.

Malalaman ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung angkop ba para sa iyo ang test.

## Paano gumagana ang test

Ang Galleri® test ay nagsusuri sa sample ng iyong dugo (2 tube ng dugo) at tinutukoy nito ang mga fragment ng DNA na iniiwan ng mga nabubuong kanser sa dugo.




I-scan dito para alamin ang higit pa

Bagaman may maraming uri ng kanser, ang mga fragment ng DNA na ito ay parang isang natatanging pattern na madalas na nauugnay sa kanser.

## Proseso ng Test

**1** **Hilingin ang test**

Sa pamamagitan ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan; kinakailangan ang isang reseta



**2** **Kumpletuhin ang iyong pagpapakuha ng dugo**

Sa klinika o laboratoryo ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan



**3** **Tanggapin ang mga resulta**

Halos 2 linggo pagkatapos matanggap sa laboratoryo ng GRAIL ang iyong sample ng dugo



## Kung ano ang sinusuri ng Galleri test

Sinuri sa isang malaking klinikal na pag-aaral, naghahanap ang Galleri test ng isang signal na mayroon ang 50+ uri ng kanser.

**Kabilang sa 50+ uri ng kanser ang 12 agresibong kanser na sanhi ng 2/3 ng mga pagkamatay dahil sa kanser. Ang mga agresibong kanser ay nag-iiwan ng mas maraming DNA at mas malamang na magkaroon ang mga ito ng resultang May Natukoy na Cancer Signal.**

- **Anus**
- **Pantog**
- **Bituka/tumbong**
- **Esophagus**
- **Ulo at leeg**
- **Atay/bile duct**
- **Baga**
- **Lymphoma**
- **Ovary**
- **Pancreas**
- **Plasma cell neoplasm**
- **Stomach**

- Adrenal cortical carcinoma
- Ampulla ng Vater
- Appendix, carcinoma
- Mga bile duct, distal
- Mga bile duct, intrahepatic
- Mga bile duct, perihilar
- Buto
- Suso
- Cervix
- Gallbladder
- Gastrointestinal stromal tumor
- Mga gestational trophoblastic neoplasm
- Bato
- Larynx
- Leukemia
- Melanoma ng balat
- Merkel cell carcinoma
- Mesothelioma, malignant pleural
- Nasal Cavity at mga paranasal sinus
- Nasopharynx
- Mga neuroendocrine tumor ng appendix
- Mga neuroendocrine tumor ng bituka at tumbong
- Mga neuroendocrine tumor ng pancreas
- Oral cavity
- Oropharynx (HPV-mediated, p16+)
- Oropharynx (p16-) at hypopharynx
- Penis
- Prostate
- Maliit na bituka
- Soft tissue sarcoma ng abdomen at mga thoracic visceral organ
- Soft tissue sarcoma ng retroperitoneum
- Soft tissue sarcoma ng trunk at mga extremity
- Soft tissue sarcoma unusual histologies at sites
- Testis
- Ureter, renal pelvis
- Uterus, carcinoma at carcinosarcoma
- Uterus, sarcoma
- Vagina
- Vulva

Ang sensitivity ay nag-iiba depende sa uri at yugto ng kanser.
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: **Galleri.com/test-report**

## Pag-unawa sa mga resulta

May dalawang posibleng mga resulta ng test.

### Walang Natukoy na Cancer Signal

Ibig sabihin ng resultang ito na walang nahanap na fragment ng DNA na nauugnay sa kanser sa sample ng dugo. Hindi nakikita ng test ang lahat ng kanser at hindi nakikita sa dugo ang lahat ng kanser. Hindi nangangahulugan ang resultang ito na wala nang posibilidad na magkaroon ng kanser. Batay sa isang klinikal na pag-aaral, ang mga taong nakakuha ng ganitong resulta ay mas malabong magkaroon ng kanser. Ang totoo, mas kaunti sa 2 mula sa 100 taong may ganitong resulta ang nakatanggap ng diagnosis ng kanser.
**Mga susunod na hakbang:** Magpatuloy sa nakagawiang pagsusuri sa kanser na inirerekomenda ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan.

*Ang pagdaragdag ng Galleri sa mga inirerekomendang screening sa iyong mga taunang pagpapatingin ay puwedeng makapagpataas ng tyansa na mapansin nang maaga ang kanser. Tanungin ang iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung kailan pinakamagandang magpa-test ulit.*

### May Natukoy na Cancer Signal

Ibig sabihin na may mga nahanap na fragment ng DNA na madalas na nauugnay sa kanser sa sample ng dugo. Kasama rin sa resultang ito ang isang pagtataya ng uri ng tissue o organ na may kaugnayan sa signal ng kanser, na tinatawag na **Pinagmulan ng Cancer Signal.**
**Mga susunod na hakbang:** Hindi isang diagnosis ng kanser ang resultang ito at nangangailangan ito ng follow-up na diagnostic testing na puwedeng may kasamang pagsusuri sa laboratoryo o imaging na iniutos ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan para makumpirma ang kanser.

Matuto pa tungkol sa mga resulta: **Galleri.com/results**

### Mga opsyon sa pagbabayad

**Hindi sakop ng karamihan sa mga plano ng pankalusugang insurance ang gastos ng Galleri test.**
**Maaari mo ring magamit ang mga dolyar bago ang pagbubuwis sa iyong flexible spending account (FSA) o health savings account (HSA) para bayaran ang Galleri test. Makipag-usap sa iyong FSA o HSA administrator o tagapagbigay ng insurance para malaman ang pagiging kwalipikado.**

**Mahalagang Impormasyon sa Kaligtasan:** Ang Galleri test ay inirerekomendang gamitin ng mga nasa hustong gulang na may malaking panganib na magkaroon ng cancer, gaya ng mga 50 taong gulang pataas. Hindi natutukoy ng Galleri test ang lahat ng uri ng cancer, at dapat itong gamitin bilang pandagdag sa mga regular na screening test para sa cancer na inirerekomenda ng provider ng pangangalagang pangkalusugan. Ginawa ang Galleri para tukuyin ang mga cancer signal at alamin kung nasaan sa katawan ang cancer signal. Hindi inirerekomendang gamitin ang Galleri ng mga indibidwal na buntis, 21 taong gulang pababa, o sumasailalim sa paggamot sa cancer. Dapat ipaliwanag ng tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan ang mga resulta nang isinasaalang-alang ang medical history, mga klinikal na palatandaan at sintomas. Hindi inaalis ng resulta ng test na Walang Natukoy na Cancer Signal ang posibilidad ng pagkakaroon ng kanser. Nangangailangan ang resulta ng test na May Natukoy na Cancer Signal ng pangkumpirmang diagnostic na pagsusuri sa pamamagitan ng mga medikal na kinikilalang procedure (hal. imaging) para kumpirmahin ang cancer. Kung hindi makukumpirma ang cancer sa pamamagitan ng karagdagang testing, puwede itong mangahulugang walang cancer o hindi sapat ang testing para matukoy ang cancer, o puwedeng nasa ibang bahagi ng katawan ang cancer. Mayroong mga false positive (may natukoy na cancer signal kahit walang kanser) at false negative (walang natukoy na cancer signal kahit may kanser) na resulta ang test. **Rx lang.**

**Impormasyon tungkol sa Laboratoryo/Test:** Ang klinikal na laboratoryo ng GRAIL ay sertipikado sa ilalim ng Clinical Laboratory Improvement Amendments of 1988 (CLIA) at inaprubahan ng College of American Pathologists. Ang Galleri test ay binuo ng at ang mga katangian ng performance nito ay tinukoy ng GRAIL. Hindi na-clear o inaprubahan ng Food and Drug Administration ang Galleri test. Kinokontrol ang klinikal na laboratoryo ng GRAIL sa ilalim ng CLIA para magsagawa ng high-complexity testing. Ginawa ang Galleri test para sa mga klinikal na layunin.

**Mayroon pang mga katanungan?**
Bisitahin ang **Galleri.com/patient/faqs**

**Mag-email Sa Amin**
customerservice@grail.com

**833-MY-GALLERI**
(833-694-2553)

© 2024 GRAIL, INC. NAKALAAN ANG LAHAT NG KARAPATAN. ANG GALLERI AY ISANG REHISTRADONG TRADEMARK NG GRAIL, INC. US-GA-2100011-6-NPO-FLYER-TL

GRAIL